

Mga Bata at Kabataan

NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA
BANAL SA MGA HULING ARAW




ISANG PANIMULANG GABAY PARA SA
MGA MAGULANG AT LIDER

Minamahal kong mga kapatid, Ang mga bata at kabataan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay minamahal na mga anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Sila ay may kakayahang makaimpluwensya nang malaki sa mundo.

Ang mga alituntuning itinuro sa pagsisikap na ito para sa mga bata at kabataan ay kumakatawan sa isang mas dakila at mas banal na paraan para mahikayat ang bagong henerasyon na tularan at sundin si Jesucristo at ipamuhay ang Kanyang ebanghelyo sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay. Kasama sa malaking pagsisikap na ito ang pag-aaral ng ebanghelyo, ang pribilehiyong maglingkod, personal na pag-unlad, at masasayang aktibidad. Ang pagsisikap na ito ay nagsisimula sa tahanan. Ang mga magulang ay may sagradong responsibilidad na turuan ang kanilang mga anak sa liwanag at katotohanan. Ang mga lider ng Simbahan ay nagbibigay ng mahalagang suporta at patnubay sa mga bata, kabataan, at kanilang mga pamilya.

Mahal namin kayo. May tiwala kami sa inyo. Nangangako kami na patuloy kayong pagpapalain at tutulungan ng ating Ama sa Langit habang inaakay at ginagabayan ninyo ang Kanyang mga anak nang may pananampalataya.

Ang Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol



Layunin

Palakasin ang pananampalataya ng bagong henerasyon kay Jesucristo, at tulungan ang mga bata, kabataan, at kanilang pamilya na umunlad sa landas ng tipan sa pagharap nila sa mga hamon ng buhay.

Pambungad

Sa sama-samang pagsisikap, tinutulungan ng mga magulang at lider ang mga bata at kabataan na palalimin ang kanilang pagbabalik-loob, maging karapat-dapat na mga disipulo ng Panginoong Jesucristo, at maging mga lalaki at babaeng may integridad sa pamamagitan ng:

- **Pag-aaral ng ebanghelyo** na naghihikayat ng katapatan.
- **Paglilingkod at mga aktibidad** na nagpapatatag sa katawan at espiritu.
- **Personal na pag-unlad** na nagbubunga ng nakasisiyang paglago.

Ang mga gabay na alituntunin at pangkalahatang responsibilidad na nakalahad sa buklet na ito ay maiaangkop. Maraming tamang paraan para maipamuhay ang mga ito. Ang ilang mga ideya at halimbawa ay makuha online sa ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org. Humingi ng inspirasyon para malaman kung ano ang pinakamainam para sa bawat indibiduwal (tingnan sa “lakma at langkop”).


Ang Bagong Henerasyon

Sinabi ng mga propeta na ang henerasyong ito ng mga bata at kabataan ay kabilang sa mga pinakamahuusay na ipinadala ng Panginoon sa lupa (tingnan sa Russell M. Nelson, “Pag-asa ng Israel,” pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018, 16). Sila ay may kakayahang makaimpluwensya nang malaki sa mundo. Sila ay inanyayahan na tumulong sa pagtipon sa Israel sa magkabilang panig ng tabing. Kinakailangan ang mas dakila at mas banal na pamamaraan sa pangangalaga at pagmi-minister sa kanila. Ang paraang ito ay makatutulong sa mga bata at kabataan na:

- Malaman ang kanilang walang hanggang identidad at layunin.
- Mapalalim ang kanilang pagbabalik-loob kay Jesucristo, maitimo sa kanilang puso ang Kanyang ebanghelyo at mahikayat sila na piliing sumunod sa Kanya.
- Magampanan ang mga tungkulin sa Aaronic Priesthood.
- Makibahagi nang magkakasama sa gawain ng kaligtasan.
- Mapaunlad ang sarili nang may suporta ng mga magulang at mga lider na tumutulong kung kinakailangan.

“ANG PANGMATAGALAN NA LAYUNIN NG SIMBAHAN AY TULUNGAN ANG LAHAT NG MGA MIYEMBRO NA DAGDAGAN ANG KANILANG PANANAMPALATAYA SA ATING PANGINOONG JESUCRISTO AT SA KANYANG PAGBABAYAD-SALA [AT] TULUNGAN SILA SA PAGGAWA AT PAGTUPAD NG MGA TIPAN NILA SA DIYOS.”

PANGULONG RUSSELL M. NELSON,
“Pambungad na Pananalita,” *Ensign* o *Liahona*, Nob. 2018, 7





- Maging karapat-dapat na makapunta sa templo at magkaroon ng nagtatagal na kagalakan sa landas ng tipan.


Kapag ang mga bata at kabataan ay tumatanggap ng paghahayag para sa kanilang buhay, bumubuo ng mga ugnayan na nakasentro sa ebanghelyo, at ginagamit ang kanilang kalayaan habang sila ay lumalaki, sila ay magtatagumpay sa pagsasakatuparan ng mga layuning ito.

Sikaping Tularan at Sundin ang Tagapagligtas

Sa Kanyang kabataan, kinailangang alamin ni Jesus ang Kanyang banal na pagkatao at misyon, tulad ng dapat gawin ng bawat anak ng Diyos. Siya ay “lumalaki sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao” (Lucas 2:52). Siya ay luma-ki na balanse sa lahat ng aspeto, at magagawa rin ito ng lahat ng mga bata at kabataan.

Tulongan ang mga bata at kabataan na gawing bahagi ang Tagapagligtas sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay—hindi lamang sa araw ng Sabbath. Kapag sinisikap nilang isentro si Jesucristo sa kanilang buhay, nangangako Siya na isusugo ang Espiritu Santo upang panatagin at gabayan sila.

Katunayan, ang pagsunod at pagtulad sa Tagapagligtas ay nagsisimula sa tahanan. Ang mga lider ng Simbahan ay makapagbibigay ng mahalagang suporta para sa mga indibiduwal at pamilya.



“Lumalaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao.”

LUCAS 2:52

Nakasentro sa Tahanan

Ang mga magulang ay nagpapalano ng mga gagawin at tatalakayin ng pamilya para maituro ang ebanghelyo ni Jesucristo at matugunan ang magkakaibang mga pangangailangan ng bawat anak. Nangyayari ito kapag ang mga pamilya ay gumagawa at nagsasaya nang magkakasama sa mga paraan na nagtuturo ng mahalagang kasanayan, nagpapatatag ng pagkatao, at nagbibigay ng mga pagkakataong umunlad.

Maghikayat ng Pag-unlad

- Manalangin na mapatnubayan. Kilala ng Ama sa Langit ang inyong mga anak at tutulungan Niya kayong turuan sila.
- Tulungan ang inyong mga anak na matamo at makilala ang impluwensya ng Espiritu Santo.
- Magpakita ng pagmamahal at madalas na purihin ang inyong mga anak sa kanilang mga pagsisikap na gumawa ng mabuti at sa mga katangian ni Cristo na nakikita ninyo sa kanila.
- Humanap ng mga pagkakataong maglingkod sa iba bilang isang pamilya.

Gumabay

- Tulungan ang inyong mga anak na makita kung paano nila maipamumuhay ang ebanghelyo sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay.
- Gabayan ang inyong mga anak at hikayatin sila na magtakda ng sarili nilang mga mithiin at plano.
- Tulungan silang mag-isip ng sarili nilang mga solusyon sa mga problema.
- Patuloy na sumuporta, tumulong, at manghikayat.

Kausapin ang mga Lider

Kausapin ang mga guro at lider para malaman nila kung paano nila pinakamainam na masusuportahan ang inyong mga anak. Inatang huwag masira ang tiwala ng inyong mga anak o mapahiya sila.

Humanap ng mga sanggunian sa
ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org.

“PANAHON NA PARA SA ISANG
SIMBAHAN NA NAKASENTRONG
TAHANAN, NA SINUSUPPORTAHAN
NG MGA NANGYAYARI SA LOOB
NG MGA GUSALI NG ATING MGA
BRANCH, WARD, AT STAKE.”

PANGULONG RUSSELL M. NELSON,
“Pambungad na Pananalita,”
Ensign o *Liahona*, Nob. 2018, 7





Suportado ng Simbahan

Kasama sa gawain ng Simbahan ang pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo, paglalaan ng mga ordenansa, at pagsuporta sa tahanan. Sinusuportahan ng mga lider at guro ang mga magulang sa pamamagitan ng pagtatatag ng malakas at mapagkalingang ugnayan sa mga bata at kabataan na pinaglilingkuran nila.

Kausapin ang mga Magulang

- Kausapin ang mga magulang upang malaman kung paano susuportahan ang kanilang mga anak. Ibahagi ang mga kalakasan na napapansin ninyo.
- Itanong kung ano ang inaasahan nila na mararanasan at matututuhan ng kanilang mga anak sa mga korum ng Aaronic Priesthood, sa mga klase ng Young Women, at sa mga aktibidad.

Kapag ang mga magulang ay hindi aktibong mga miyembro ng Simbahan:

- Ipaliwanag sa mga magulang ang pagsisikap na ito na suportahan ang mga bata at kabataan, at itanong kung gusto nilang makibahagi ang kanilang mga anak at kung paano nila gustong makibahagi ang mga ito.
- Itanong sa mga bata o kabataan kung anong klaseng tulong ang gusto nila.
- Pag-usapan sa ward council kung paano maisasama ang mga magulang hangga't maaari.

Tulungan ang mga Bata at Kabataan

- Tulungan ang mga bata at kabataan na makilala ang impluwensya ng Espiritu Santo.
- Itanong sa kanila kung ano ang gusto nilang matutuhan at maranasan sa mga korum at klase at sa mga aktibidad.
- Hikayatin sila na mamuno sa pagpapalano at pagsasagawa ng mga aktibidad.
- Suportahan ang mga mayhawak ng Aaronic Priesthood sa pagtupad ng mga responsibilidad sa korum.

Humanap ng mga sanggunian sa
ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org

NAKASENTRONG SA TAHANAN

(Pamilya)

Pag-aaral ng
Ebanghelyo

Paglilingkod
at mga
Aktibidad

Mga Personal
na Pag-unlad

SINUSUPORTAHAN NG SIMBAHAN

(Mga Lider)

Pag-aaral ng Ebanghelyo

Sa Tahanan

Ang personal na pag-aaral at pag-aaral ng pamilya ay tutulong sa mga bata at kabataan na madama at makilala ang impluwensya ng Espiritu Santo at matutuhang mahalin ang Tagapaglig-tas. Ang mga indibiduwal at pamilya ay hinihikayat na gamitin ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* at ang mga salita ng mga buhay na propeta sa pag-aaral ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Sa Simbahan

Ang mga bata at kabataan ay sama-samang nagtitipon upang matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo. Natututuhan ng mga bata ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagtuturo sa klase at sa oras ng pag-awit sa Primary. Natututuhan ng mga kabataan ang doktrina sa mga klase at korum. Ang mga bata at kabataan ay inaanyayahang magbahagi ng mga natututuhan nila sa tahanan at ipamuhay ang ebanghelyo.



Nakasentro sa Tahanan

- Panalangin
- Pag-aaral ng mga banal na kasulatan
- Home evening
- Araw ng Sabbath
- Family history

Sinusuportahan ng Simbahan

- Pagtuturo sa Araw ng Sabbath
- Seminary



Humanap ng mga sanggunian sa ComeFollowMe.ChurchofJesusChrist.org.



Paglilingkod at mga Aktibidad

Sa Tahanan

Ang paglilingkod at mga aktibidad ay nagtatag ng mabubuting gawi sa araw-araw, nagpapalakas ng mga ugnayan ng pamilya, nagtuturo ng mga kasanayan sa buhay, humahantong sa pagkakaroon ng mga katangiang taglay ni Cristo, at tumutulong sa pag-unlad ng mga bata at kabataan. Ang paglilingkod at mga aktibidad ng pamilya ay maaaring magtuon sa mga pangangailangan ng indibiduwal at pamilya at maglaan ng mga pagkakataong ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa araw-araw.

Sa Simbahan

Ang paglilingkod—kabilang ang pangangasiwa sa ordenansa ng sacrament ng mga mayhawak ng Aaronic Priesthood—at regular na mga aktibidad ay nagbibigay ng mga pagkakataon na magsama-sama, matuto ng mga bagong kasanayan, gumawa ng mahihirap na gawain, at bumuo ng mga ugnayang nakasentro sa ebanghelyo sa mga kaibigan at lider. Ang mga pagkakataong ito ay tumutulong sa mga bata at kabataan na umunlad sa espirituwal, sosyal, pisikal, at intelektuwal at maglingkod nang makabuluhan sa iba.



Personal na Pag-unlad

Sa Tahanan

Pinipili ng mga bata at kabataan ang makakanya nilang gawin para umunlad at matutuhang sundin ang Tagapagligtas. Makatutulong sa mga bata at kabataan ang mga magulang para makita nila kung gaano kalaki na ang kanilang pang-unlad at kung saan nila kinakailangan pang umunlad. Lahat ng aktibidad, kabilang na ang sa simbahan, paaralan, pakikipagkaibigan, sports, sining, trabaho, at iba pang mga indibiduwal na interes ay makatutulong

sa mga bata at kabataan na tularan at sundin si Jesucristo.

Sa Simbahan

Minamahal at pinaglilingkuran ng mga lider ang bawat bata at kabataan at inaalang ang kanilang mga pangangailangan at interes. Sa pamamagitan ng ugnayang may pagmamahal, ang mga lider ay makapagbibigay ng natatangi at malakas na impluwensya na tutulong at hihikayat sa mga bata at kabataan sa kanilang indibiduwal na paglilingkod at pag-unlad.

Mga Personal na Pag-unlad

Nakasentro sa Tahanan

Personal na mga mithiin
Mga mithiin ng pamilya
Gabay, Patnubay
Panghihikayat
Pagmamahal

Sinusuportahan ng Simbahan

Gabay, Patnubay
Panghihikayat
Mga ideya sa paggawa ng mithiin
Mga sanggunian sa ward

Humanap ng mga sanggunian para sa mga aktibidad at mithiin sa ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org

Ang JustServe (JustServe.org) ay isang mahalagang sanggunian para sa mga pagkakataong maglingkod sa komunidad.

Kabilang sa mga aktibidad ng mga kabataan na isinasagawa nang ilang araw ang For the Strength of Youth (FSY) conference, youth conference, youth camp, at iba pang pagtitipon. Ang mga aktibidad na ito ay makatutulong sa kabataan na palalimin ang kanilang hangaring tularan at sundin ang Tagapagligtas, alisin sila sa kanilang mga nakagawian, at tulungan silang makita na sila ay bahagi ng mas malaking grupo ng mga kabataan na may mabubuting mithiin.

Paglilingkod at mga Aktibidad

Nakasentro sa Tahanan

Home evening
Paglilingkod ng pamilya
Mga aktibidad ng pamilya
Ministering

Sinusuportahan ng Simbahan

Ordenansa ng sakramento
Mga ideya sa paglilingkod at aktibidad
JustServe
Mga aktibidad na ginaganap sa loob ng ilang araw
Mga ministering assignment



Iakma at langkop

Bawat tao, pamilya, at kongregasyon ay magkakaiba. Ang epektibo sa isa ay maaaring hindi epektibo sa iba. Gawin kung ano ang epektibo para sa inyong pamilya, klase, korum, o ward. Pag-usapan ang inyong mga oportunidad at mga problema, at humingi ng paghahayag kung paano

iaakma ang inisyatibong ito upang matulungan ang bawat bata at kabataan na maabot ang kani- lang banal na potensyal. Halimbawa, ang mga bata at kabataan ay magkaka- iba sa paraan kung paano gagawin ang personal na pag-unlad: ang uri, bilang, at dalas ng mga mithiin, pati na rin kung

gaano kalaking suporta ang kinakailangan nila, ay dapat tukuyin para sa bawat indibiduwal. Ang mga klase at korum ay inaangkop din para matugunan ang mga pangangailangan. Bukod pa rito, ang uri at dalas ng mga aktibidad ay maa- aring magkakaiba ayon sa mga lokal na kalagayan.




HUMINGI NG PAGHAHAYAG
TUGUNAN ANG MGA
PANGANGAILANGAN
NG INDIBIDUWAL
GAWIN KUNG ANO
ANG EPEKTIBO
GAWING SIMPLE

*Panatilihin itong simple.
Gawin kung ano ang epektibo.*

Humanap ng mga sanggunian sa ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org.

“ANG MENSAHE NG
IPINANUMBALIK NA
EBANGHELYO NI
JESUCRISTO AY MAAARI
AT DAPAT TAYONG
UMASA NA MAGING MAS
MABUTI TAYO HABANG
TAYO AY NABUBUHAY.”

PANGULONG HENRY B. EYRING, “Ang Atang
Sakdal na Halimbawa,” *Ensign* o *Liahona*,
Nob. 2009, 70



“NAKAHAHANAP
TAYO NG TOTOO
AT NAGTATAGAL
NA KALIGAYAHAN
SA PAG-ALAM AT
PAGKILOS AYON SA
MGA KATOTOHANAN
TUNGKOL SA KUNG
SINO TAYO.”

PANGULONG DALLIN H. OAKS,
“Katotohanan at ang Plano,” *Ensign* o
Liahona, Nob. 2018, 25

Humanap ng mga sanggunian sa ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org.

Paghikayat at Pagkilala

Paghikayat


Ang mga bata at kabataan ay kusang mahihikayat kapag nadarama nila na sila ay minamahal, umuunlad, humuhusay, at nadarama ang Espiritu Santo sa kanilang buhay. Kapag ang pagbabago at pag-unlad ay naging mahirap para sa kanila, hikayatin silang humanap ng mga paraan para madaig ang mga hamon o iakma ang kanilang mga plano. Ang ugna-yang matibay at may tiwala sa mga magulang,

lider, at mga kaibigan ay makapagbibigay ng lakas sa kanila na patuloy na magsikap.

Pagkilala

Kapag ang mga bata at kabataan ay umuunlad, purihin ang kanilang mga pagsisikap at hikayatin sila. Bigyan sila ng mga pagkakataong ibahagi ang mga natututuhan nila, at ikatuwa ang kanilang pag-unlad. Bukod pa rito, lahat ng mga bata at kabataan ay maaaring tumanggap ng mga

bagay tulad ng singsing o medalyon para ipaalala sa kanila na sila ay bahagi ng isang pandaigdigang grupo na nagsisikap na tularan at sundin si Jesucristo. Kapag natutupad ng mga bata at kabataan ang kanilang mga mithiin sa aspetong espirituwal, sosyal, pisikal, at intelektuwal, maaari silang tumanggap ng mga karagdagang emblem.



MAKINIG
PURIHIN ANG MGA PAGSISIKAP
IKATUWA ANG PAG-UNLAD
MATUTO MULA SA
MGA KABIGUAN

Tahanan at mga Magulang

Ano ang aking responsibilidad?

Maging mabuting halimbawa sa iyong mga anak. Ituro sa kanila kung paano umunlad sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay. Humanap ng mga paraan na matulungan silang malaman ang kagalakan sa pagtupad ng mga tipan, pagtuklas ng mga bagong talento, at paggawa ng mahihirap na bagay. Tulungan ang iyong pamilya na lalong mapalapit sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at ipamuhay ang ebanghelyo sa araw-araw.

Ano ang gagawin ko?

Ipaalam sa iyong mga anak kung gaano mo sila kamahal. Maging bahagi ng kanilang buhay. Manalangin para matukoy ang kanilang mga indibiduwal na pangangailangan at planuhin ang pag-aaral ng ebanghelyo at mga aktibidad upang matugunan ang mga pangangailangang iyon. Palaging ibahagi ang iyong patotoo sa kanila. Kausapin ang mga lider kung paano nila matutulungan na suportahan ang iyong mga anak.

Saan ako magsisimula?

Patuloy na kausapin at pakinggan ang iyong mga anak. Manalangin at hilingin na malaman mo kung paano mo sila masusuportahan. Tulungan silang tuklasin ang mga bagay na interesado silang matutuhan at simulang ituro ang mga bagay na iyon. Simulan o ipagpatuloy ang pagdarasal ng pamilya, pag-aaral ng ebanghelyo, paglilingkod, at mga aktibidad para matulungang umunlad ang iyong mga anak.



MAGPAKITA NG PAGMAMAHAL
MAGING MABUTING HALIMBAWA
HUMINGI NG PAGHAHAYAG
ITURO ANG MGA KASANAYAN SA BUHAY
IKATUWA ANG PAG-UNLAD
PURIHIN ANG MGA PAGSISIKAP

Humanap ng mga sanggunian sa ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org.

"WALA NANG IBA PANG GAWAIN ANG HIHIGIT KAYSA SA PAGIGING MABUTI AT LUBOS NA NANGANGALAGANG MAGULANG!"

PANGULONG RUSSELL M. NELSON,
"Ang Sabbath ay Kaluguran," *Ensign* o
Liahona, Mayo 2015, 131





“ANG
PINAKAMAHALAGANG
KAYAMANAN SA LUPA
AT SA LANGIT AY ANG
ATING MGA ANAK AT
ATING ANGKAN.”

PANGULONG DALLIN H. OAKS, “The Great
Plan of Happiness,” *Ensign*, Nob. 1993, 75

Humanap ng mga sanggunian sa Primary.ChurchofJesusChrist.org.

Mga Lider at Guro sa Primary

Ano ang aking responsibilidad?

Mahalin at palakasin ang mga bata. Tulungan ang mga magulang sa pagtulong sa mga anak na madama ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa kanila, maunawaan ang ebanghelyo ni Jesucristo, madama at makilala ang impluwensya ng Espiritu Santo, at maghandang gumawa at tumupad ng mga sagra-dong tipan.

Ano ang gagawin ko?

Tiyakin na ang mga klase sa Primary at oras ng pag-awit ay tumutulong sa mga bata na madama ang Espiritu, mapalakas ang pananampalataya, at madama ang kagalakan ng ebanghelyo ni Jesucristo sa kanilang buhay. Gamit ang mga aspeto ng pag-unlad na iminungkahi sa Lucas 2:52 bilang gabay, magplano ng masaya at kawili-wiling paglilingkod at mga aktibidad na nagpapatatag ng patotoo,

nagpapalakas ng mga pamilya, at naghihikayat ng pagkakaisa at personal na pag-unlad.

Saan ako magsisimula?

Kilalanin ang mga bata at kanilang mga pamilya, at tugunan ang kanilang mga pangangailangan. Bilang panguluhan ng Primary, manalangin at itanong kung paano ninyo matutulongan ang inyong mga guro, music leader, at activity leader na matulungan ang mga bata na tularan at sundin ang Tagapagligtas.



ITURO ANG BANAL
NA PAGKATAO
IPAMUHAY ANG
EBANGHELYO
PATATAGIN ANG
MGA UGNAYAN
ITURO ANG MGA TIPAN
ITURO ANG MGA
KASANAYAN SA BUHAY

Mga Lider ng Young Women

Ano ang aking responsibilidad?

Tulongan ang mga magulang at ang bishopric sa paggabay at pagbibigay-inspirasyon sa mga kabataang babae na maunawaan ang kanilang identidad bilang mga anak na babae ng Diyos, maghanda para sa mga tipan sa templo, at isakatuparan ang kanilang mga banal na layunin. Gabayan ang mga panguluhan ng klase sa kanilang pamumuno, pagmi-minister, at paglilingkod sa mga miyembro ng kanilang klase.

Ano ang gagawin ko?

Magpakita ng mabuting halimbawa bilang disipulo ni Jesucristo. Gabayan ang mga panguluhan ng klase sa kanilang pagpapalano nang may panalangin at tumulong sa pagtuturo ng mga lesson mula sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Young Women*. Hikayatin sila na mamuno sa pagpapalano at pagsasagawa ng paglilingkod at mga aktibidad na tutulong sa mga kabataang babae na umunlad sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay. Tulongan

pa ang mga kabataang babae na nangangailangan nito.

Saan ako magsisimula?

Kilalanin ang bawat kabataang babae. Kausapin ang mga kabataang babae, kanilang mga magulang, at ang bishopric tungkol sa paraan kung paano ninyo masusuportahan ang pag-unlad ng mga kabataang babae. Ipagdasal na malaman kung paano ninyo matutulungan ang mga panguluhan ng klase na magtagumpay sa kanilang mga tungkulin.



ITURO ANG BANAL NA PAGKATAO
ISAGAWA ANG GAWAIN NG KALIGTASAN
MAGHANDA PARA SA MGA BANAL NA TUNGKULIN
MAGING MATATAG
ITURO ANG MGA KASANAYAN SA BUHAY

Humanap ng mga sanggunian sa YoungWomen.ChurchofJesusChrist.org



AKO AY MINAMAHAL NA ANAK NG MGA MAGULANG SA LANGIT NA MAY BANAL NA KATANGIAN AT WALANG HANGGANG TADHANA.



SAMAHAN SILA.
 IKONEKTA SILA
 SA LANGIT.
 HAYAAN SILANG
 MAMUNO.

Humanap ng mga sanggunian sa YoungMen.ChurchofJesusChrist.org.

Mga Lider ng Aaronic Priesthood

Ano ang aking responsibilidad?

Tulongan ang mga magulang at bishopric sa paghahanda ng mga kabataang lalaki para sa ordenasyon sa mga katungkulan sa priesthood, mga tipan sa templo, misyon, at mga banal na tungkulin. Bigyan sila ng inspirasyon para maunawaan ang kanilang layunin at identidad bilang mga anak na lalaki ng Diyos. Gabayan ang mga panguluhan ng korum sa kanilang pamumuno, pagmi-minister, at paglilingkod sa mga miyembro ng kanilang mga korum at sa pangangasiwa nila sa ordenansa ng sakramento.

Ano ang gagawin ko?

Magpakita ng mabuting halimbawa bilang disipulo ni Jesucristo. Gabayan ang mga panguluhan ng korum sa paggamit nila ng kanilang mga susi, pangangasiwa sa ordenansa ng sakramento, at mapanalanging magplano at tumulong sa pagtuturo ng mga lesson mula sa *Come, Follow Me—Para sa Young Men*. Tulongan silang magplano at mag-sagawa ng paglilingkod at mga aktibidad na tutulong sa mga kabataang lalaki na umunlad sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay. Hayaan silang mamuno. Tulongan pa ang mga kabataang lalaki na nangangailangan nito.

Saan ako magsisimula?

Mag-ukol ng oras sa mga kabataang lalaki. Kilalanin at mahal in ang bawat isa sa kanila. Kausapin ang bishopric, ang mga kabataang lalaki, at kanilang mga magulang upang malaman kung paano ninyo sila masusuportahan sa kanilang pag-unlad upang maging higit na katulad ng Tagapagligtas. Manalangin na malaman kung paano ninyo matutulongan ang inyong mga panguluhan ng korum sa paggamit ng kanilang mga susi at magtagumpay sa kanilang mga tungkulin.



ITURO ANG MGA TUNGKULIN SA PRIESTHOOD
 ISAGAWA ANG GAWAIN NG KALIGTASAN
 MAGHANDA PARA SA MGA BANAL NA TUNGKULIN
 MAGING MATATAG
 ITURO ANG MGA KASANAYAN SA BUHAY

Mga Guro sa Sunday School

Ano ang aking responsibilidad?

Sikapang tulungan ang mga kabataan na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pag-aaral at pagsunod sa Kanyang doktrina. Turuan ang mga kabataan na maunawaan, ibahagi, at ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Ano ang gagawin ko?

Magpakita ng mabuting halimbawa bilang disipulo ni Jesucristo, at tulungan ang mga kabataan na palakasin ang kanilang pananampalataya. Hikayatin sila na pag-aralan ang mga banal na kasulatan sa tahanan—nang mag-isa at kasama ang kanilang pamilya. Tulungan silang maghanda at magturo ng mga alituntunin ng doktrina. Hikayatin sila na ipamuhay ang natutuhan nila para sa kanilang personal na pag-unlad.

Saan ako magsisimula?

Sikapang magturo tulad ng ginawa ng Tagapagligtas. Kilalanin ang bawat kabataan. Ipagdasal na malaman kung paano mo sila matutulungan na maging higit na katulad ng Tagapagligtas. Palakasin ang mga miyembro ng klase at kanilang mga magulang sa pagsisikap na matutuhan at maituro ang ebanghelyo sa simbahan at sa kanilang mga tahanan.



PALAKASIN ANG PATOTOO ITURO ANG DOKTRINA PAG-ARALAN ANG MGA BANAL NA KASULATAN MAGKAROON NG MABUBUTING GAWI

Humanap ng mga sanggunian sa SundaySchool.ChurchofJesusChrist.org.

“MAGHANGAD NA MATUTO, MAGING SA PAMAMAGITAN NG PAG-AARAL AT GAYON DIN SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA.”

DOKTRINA AT MGA TIPAN 88:118

"KAPAG TAYO AY ABALA SA PAGLILINGKOD SA IBA, HINDI NATIN GAANONG NAIISIP ANG ATING MGA SARILI, AT MAS MADALING DUMARATING SA ATIN ANG ESPIRITU SANTO."

PANGULONG HENRY B. EYRING, "Inspiradong Pagmiminsteryo," *Liahona*, Mayo 2018, 64



Humanap ng mga sanggunian sa ChildrenandYouth.ChurchofJesusChrist.org.

Ang Bishopric at mga Panguluhan ng Klase at Korum

Ano ang kanilang responsibilidad?

Ang bishopric ang panguluhan ng Aaronic Priesthood sa ward at responsable sa mga kabataang babae at lalaki. Kumikilos ang mga panguluhan ng mga korum ng Aaronic Priesthood nang may mga susi na iginawad nang italaga ang mga quorum president. Ang mga panguluhan ng mga klase sa Young Women ay kumikilos sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood na natanggap nang italaga sila ng isang miyembro ng bishopric.

Ano ang gagawin nila?

Dapat pagsumikapan ng mga panguluhan na maging tunay na mga disipulo ni Jesucristo habang tinutulungan nila ang bawat miyembro ng korum o klase na mada-mang minamahal sila at matuklasan ang kagala-kan sa pamumuhay ng ebanghelyo. Sa tagubilin ng bishopric, pamumunuan ng mga panguluhan ng korum ang mga mayhawak ng Aaronic Priesthood sa pangangasiwa sa ordenansa ng sakramento. Kapwa namumuno ang mga panguluhan ng korum at klase sa pagtiti-pon ng Israel sa magkabilang panig ng tabing at

sa pangangalaga sa mga nangangailangan.

Saan sila magsisimula?


Natututuhan ng mga panguluhan ang kanilang mga tungkulin sa Panginoon at sa kanilang mga lider. Sila ay nananalangin para sa mga miyembro ng klase o korum at inaalam ang kanilang mga pangangailangan. Sinusuportahan nila sila na maging mga disipulo ni Jesucristo. Nagsasanggurian sila kung anong mga lesson, aktibidad, at paglilingkod ang magpapala at magpapalakas sa mga kabataan at magdudulot ng pagkakaisa sa kanilang klase o korum.



MAGLINGKOD
MAGSANGGUNIAN
SA ISAT ISA
PALAKASIN ANG
PAGKAKAISA
GAWIN ANG MGA
TUNGKULIN

Makatutulong na mga Sanggunian

May makukuhang mobile, web, at print na mga sanggunian. Ang mga tool o kagamitan para sa pagtatakda ng mithiin, mga ideya para sa mga mithiin, mga ideya sa paglilingkod at mga aktibidad sa tahanan at sa simbahan, gabay para sa kaligtasan, at mga tagubilin ay maaaring ma-access ng mga magulang, adult leader, panguluhan ng mga korum at klase, at kabataan.



Mobile App: Gospel Living [Pamumuhay ng Ebanghelyo]

Ang mobile app na Gospel Living [Pamumuhay ng Ebanghelyo] (iOS at Android) ay ginawa upang magbigay ng inspirasyon, maging kawi-wili, masaya, at nauugnay sa pang-araw-araw na buhay. Sinusuportahan nito ang buhay na nakasentro kay Cristo sa pamamagitan ng:

- Mga nilalaman na nagbibigay ng inspirasyon
- Mga paalala
- Mga ideya para sa aktibidad
- Komunikasyon
- Pagsusulat sa journal
- Personal na mga mithiin


Hanapin sa Apple app store at Android app marketplace ang Gospel Living (Church of Jesus Christ).



Web: ChildrenandYouth .ChurchofJesusChrist.org

Ang Children and Youth development website ay nagbibigay ng mga sanggunian para suportahan ang mga magulang, mga bata, kabataan, at mga lider.

- Mga sanggunian para sa mga magulang at pamilya
- Mga sanggunian at mga halimbawa kung paano suportahan at hikayatin ang mga bata at kabataan
- Mga sanggunian para sa mga aktibidad sa Primary
- Mga gabay, halimbawa, at ideya sa paglilingkod at aktibidad
- Mga halimbawa at ideya para sa (mithiin para sa) personal na pag-unlad
- Mga sanggunian sa pagsasanay para sa mga panguluhan ng klase at korum
- Mga bersyon ng mga naka-print na materyal na maaaring i-download



Naka-print: Pagpapaunlad ng mga Bata at Kabataan

Kung makatutulong, ang naka-print na mga buklet ay makukuha para sumuporta sa mga alituntunin sa pagpapaunlad ng Mga Bata at Kabataan at tulungan ang mga bata at kabataan na gumawa ng mga plano para sa personal na pag-unlad.

Manatili at Magpatuloy sa Landas ng Tipan

Sa pagsulong ng mga kabataan sa susunod na yugto ng kanilang buhay, ang Relief Society at elders quorum ay magbibigay ng dagdag na mga pagkakataon para madama nila ang kagalakan at pag-unlad habang magkakasama silang nagsisikap na maisakatuparan ang gawain ng kaligtasan.

Elders Quorum



Relief Society



“SA BAWAT ORAS NA GUMAWA KAYO NG KAHIT ANO NA TUTULONG SA KAHIT SINO—SA MAGKABILANG PANIG NG TABING—NA MAKALAPIT SA PAGGAWA NG MGA TIPAN SA DIYOS . . . , TUMUTULONG KAYO NA TIPUNIN ANG ISRAEL.”

PANGULONG RUSSELL M. NELSON, “Pag-asa ng Israel,” pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018 15



SA SAMA-SAMANG PAGSISIKAP,
TINUTULUNGAN NG MGA
MAGULANG AT LIDER ANG
MGA BATA AT KABATAAN NA
PALALIMIN ANG KANILANG
PAGBABALIK-LOOB, MAGING
KARAPAT-DAPAT NA MGA
DISIPULO NG PANGINOONG
JESUCRISTO, AT MAGING
MGA LALAKI AT BABAENG
MAY INTEGRIDAD.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW